


## PASSION

### Review

- Magbigay ng dalawang gawaing nagpapakita ng pagtugon mula sa puso?



### Ang Mahalaga: hindi lang ano kundi paano rin

1. Alam nating hindi tayo dapat umasa na may resultang maganda ang hindi panalangin. Ngunit gayundin ang mga panalanging naayon nga sa kalooban ng Diyos ngunit ipinanalangin naman mula sa isang pusong parang manhid o walang pakiramdam. Kailangang mayroong matinding pagnanais para sa isang bagay na hinihiling mo. Santiago 5:16; Exodo 32:32; I Samuel 1:15 (“*I have been pouring out my soul*”); Roma 10:1 (“ang pinakananais ko”); 9:1-3.
2. Mateo 7:7-8. “Humanap kayo at kayo’y makasusumpung.” Ilang beses sa tingin mo dali-daling nagbibigay ang Diyos ng isang napakaimportanteng bagay? Hindi ba’t gusto niya na tayo’y naghahanap dahil ang “paghahanap” ay pagpapakita ng isang taos-puso at seryosong panalangin? Hindi mo naman hahanapin nang matagal ang isang bagay na hindi mo naman talaga gustung-gusto. Ang paghahanap ay isang sukatan ng masidhing pagnanais o *passion* ng iyong puso.
3. Isa sa mga pinakamalinaw na sukatan kung gaano katindi ang pagkauhaw mo sa isang bagay na hinihingi mo ay ang pagtanong mo sa sarili mo ng, “Handa ko bang isakripisyo maging ang aking sarili upang makita ang sagot ng Diyos sa aking panalangin?” Nang idinalangin ni Cristo na patawarin ng Diyos ang mga makasalanan (Isaias 53:12), siya mismo ang naging sagot ng Diyos sa kanyang sariling dalangin. Kung ikaw (ang iyong lakas, oras, at buhay) ang magiging sagot ng Diyos sa iyong panalangin para sa ibang tao, naroon pa rin ba ang iyong *passion* na ipanalangin ito?

### Ano ang sinusukat ng *passion* (masidhing pagnanasa) na ito?

Sinusukat nito ang iyong pagnanais/pagnanasa/hangarin para sa Diyos, sa kanyang mga layunin, at sa iyong mga personal na kagustuhan. Darating ang panahon na:

1. Ang Diyos ang nagiging pangunahing “focus” at sentro ng iyong buhay. Wala ka nang ibang pakananaisin pa kundi ang maranasan ang presensiya ng Diyos, mamangha sa kanyang kadakilaan, at mapalapit ang relasyon sa kanya.
2. Ang kanyang layunin ay ang nagiging layunin din ng iyong buhay. Ito ang ninanais mong matupad nang higit sa anumang bagay. Gumagawa siya sa buhay mo upang makita mo na ang mundong ginagalawan natin ay pansamantala lang at lilipas din. Ipinapasakop niya sa ilalim ng kanyang dakilang kalooban ang iyong likas na hangarin para sa pansariling kagustuhan.

### Oras ng Panalangin

1. Huwag kang panghinaan ng loob kung wala ka pang ganitong klaseng *passion* at malalim na pagkakilala sa Diyos na ang mga naisin mo ay ang mga naisin din ng Diyos. Be encouraged. Kasi ang Diyos mismo ang kikilos sa iyo para magkaroon ng pagbabago. Isipin mo si Jacob – paano ba siya nagsimula? Ano ang ginawa sa kanya ng Diyos? Si Santiago at Juan, ano ba ang nais nila noong una (Marcos 10:37)? Di ba’t nabago ito pagkatapos na mabuhay na muli si Jesus? Habang dumaraan ang panahon, habang patuloy nilang hinahanap ang Diyos, kumikilos ang Diyos sa buhay nila para baguhin ang mga naisin nila, na maging katulad na ng mga naisin ng Diyos.
2. Sa tao imposible ito, ngunit hindi sa Diyos. Kaya ka nga niya iniligtas para baguhin ka, di ba? Titiyakin niyang mangyayari ito. Huwag mong sabihing “Hindi na ko siguro magbabago.” Hindi pa dumating ang panahon sa kasaysayan na nabawasan ang kakayahan ng Diyos na bumago ng isang tao. Magtiwala ka sa kanya.



### Pagsisiyasat

1. Ano ang nag-uudyok sa iyo na manalangin – ang maranasan ang presensiya ng Diyos o makatanggap ng mga bagay mula sa kanya? Ang puso mo ba ay sa “Nagbibigay” o sa “ibinibigay”?
2. Gaano kalaking bahagi ng mga ninanais mo ang nakatuon sa mga bagay na pansariling kagustuhan kung ikukumpara sa kagustuhan ng Diyos? Ang layunin mo ba ay nakaayon sa layunin ng Diyos?
3. Gaano kasabik ang iyong puso na hanapin kung ano ang nais ng Diyos? Anong nais ng Diyos ang hindi mo hahayaang mawala sa puso mo hangga’t hindi ito natutupad para sa kanyang karangalan?

